

J.R. Simplot Company

Kodigo ng Asal



Mga Nilalaman

Isang Mensahe mula sa President at CEO	3
Ang J.R. Simplot Company Kodigo ng Asal: Isang Kasalukuyang Kasaysayan ng Integridad	4
Paano Namin Ipinapakita Ang Aming Pagiging Makabago	6
Paano Namin Nirerespeto ang Aming Mga Resource	8
Paano Namin Ipinapakita Ang Aming Pagmamahal sa Mga Tao	10
Paano Namin Ipinapakita Ang Aming Kasaysayan ng Integridad	14
Integridad sa Aming Mga Pagkilos—Paggamit ng Kodigo	17
Proteksyon laban sa Paghihiganti	17
Pangangasiwa sa Kodigo at Mga Remedial na Pagkilos	17
Paghingi ng Tulong at Paghahain ng Mga Alalahanin	18
Pagtugon sa Aming Pangako sa Kodigo	18

Isang Mensahe mula sa President at CEO

Ang kasaysayan ng integridad ng J.R. Simplot Company ang pundasyon ng aming Kodigo ng Asal, binuo sa pananaw at mahusay na pamumuno ng J.R. Simplot na nagsimula halos 100 taon na ang nakalipas. Marami nang bagay na nagbago sa Simplot sa paglipas ng mga taon, pero nananatili ang pananaw ng J.R.: magtrabaho nang mabuti, maging mabuting kasosyo, at ituring ang mundo bilang mahalagang resource na dapat respetuhin at protektahan araw-araw.

Ang Simplot Company Kodigo ng Asal ay may diskarteng One Simplot sa mga etikal at legal na responsibilidad ng lahat ng empleyado ng Simplot sa buong mundo. Nagsisilbi ang Kodigo bilang gabay sa aming mga pinapahalagahan at pangakong sumunod sa mga pinapahalagahang ito.

Nalalapat ang Kodigo ng Asal sa lahat ng empleyado, opisyal at director ng J.R. Simplot Company at mga subsidiary. Ang bawat isa sa atin ay may responsibilidad na basahin ang Kodigo na ito, unawain ito, at ilapat ito nang patas. Nakakatulong ang Kodigong ito sa amin na gawin ang tamang pasya kapag puwedeng hindi malinaw ang mga nalalapat na panuntunan.


Inaasahan naming magpapakita ang mga pinuno namin ng buhay na halimbawa kung paano magpatakbo alinsunod sa Kodigo ng Asal at ang lahat ng nagsasagawa ng negosyo sa ngalan ng aming Kumpanya, kabilang ang mga ahente at contractor, ay dapat sumunod sa mga prinsipyo ng Kodigo.

Sa pagkilos namin alinsunod sa Kodigo ng Asal, magagawa naming isabuhay ang aming mga pangunahing pinapahalagahan araw-araw. Kapag magkakasama, mapapanatili at matitiyak natin ang ating reputasyon bilang mabuting mamamayan ng kumpanya.

Sumasaiyo,



Garrett Lofto
President at CEO



Ang J.R. Simplot Company Kodigo ng Asal:
Isang Kasalukuyang Kasaysayan ng Integridad

Ang Aming Layunin

Mag-ambag sa Pagpapakain
sa Ating Mundo

Ang Aming Misyon

Bigyang-buhay ang Mga
Resource ng Mundo

Mga Pangunahing Pinapahalagahan

Pagmamahal sa Mga Tao | Pagiging Makabago | Respeto sa Mga
Resource



Paano Namin Ipinapakita Ang Aming Pagiging Makabago



Paano Namin Ipinapakita Ang Aming Pagiging Makabago

Mayroon Kaming Pananaw ng Kumpanya: One Simplot

Bukas kami sa mga bagong oportunidad, gumagawa at nagpapahusay ng mga produkto at serbisyo gamit ang bagong pag-iisip, at ginagawa namin ito sa paggamit ng pananaw ng Kumpanya. Habang pinapahalagahan ang pagkakaiba ng opinyon, karanasan at ideya mula sa aming mga pagpapatakbo sa buong mundo, sa lahat ng aming pasya ay isinasaalang-alang namin ang “big picture,” tinataguyod ang mga pinakamabuting interes ng Simplot sa kabuuan. Kami ang One Simplot. Hangad namin ang mataas na pamantayan ng pamamahala sa kumpanya, na nagpapahalaga hindi lang sa mahigpit na legal na pagsunod pero pati rin sa paglapat ng mga etikal na pamantayan ng negosyo.

Nakatuon Kami sa Pagbibigay ng Pinakamagandang Produkto at Serbisyo

Patuloy kaming naghahanap ng mga inobasyon para gawin ang pinakamahuhusay na produkto at serbisyo para matugunan ang mga nagbabagong kailangan at kagustuhan ng consumer. Patuloy kaming naghahanap ng mga bago at mas sustainable na paraan para magtanim at magpatubo ng mga pananim, matulungan ang pagpapalaki at pagpapaunlad ng hayop, at magdala ng mga mineral na resource mula sa mundo. Nagsusumikap kaming maabot ang pinakamataas na antas ng kahusayan sa produksyon ng pagkain, at agham agrikultural at pag-manufacture, pati ang mga kaugnay na disiplinang nagpapahusay sa value sa lahat ng ating kaugnay na negosyo. Nagpapanatili kami ng matataas na etikal na pamantayan at ligtas ang aming mga de-kalidad na produkto at serbisyo para sa nilayong paggamit ng mga ito. Kami ang nagdidisenyo, gumagawa at namamahagi ng aming mga produkto at serbisyo nang ayon sa aming mga obligasyon sa mga customer namin, at alinsunod sa mga naaangkop na batas, pamantayan at regulasyon.

Lumalahok Kami sa Etikal na Siyentipikong Pananaliksik

Lumalahok kami sa etikal na siyentipikong pananaliksik habang tinutuklas namin ang mga bagong ideya at bumubuo ng mga bagong teknolohiya at produkto. Para matiyka na etikal ang aming pananaliksik, sinusunod namin ang mga parubadong protocol at wastong kontrol, gamit ang peer review o pangangasiwa ng pagtiyak sa kalidad, kapag naaangkop. Ang data ay tumpak na nire-record, wastong dinodokumento at mare-reproduce, at naglalapat kami ng naaangkop na pagsusuri ng istatistika o data.

Kami ay Gumagawa, Nagpapatupad at Nagbibigay Respeto sa Mga Karapatan sa Intelektwal na Pagmamay-ari

Pinoprotektahan ang aming mga inobasyon ng mga karapatan sa Intellectual Property (IP). Nagsusumikap kaming gumawa ng makabuluhang mga asset ng IP na nakakatugon sa layunin ng negosyo at tumulong na ipagtanggol at gamitin ang aming mga karapatan sa teknolohiya, mga brand, karapatan sa media, kaalaman at impormasyon ng pagmamay-ari na natatangi sa Kumpanya. Kasama sa mga asset ng IP ang mga patent, trade secret, trademark, copyright, lisensya at karapatang pigilan ang iba sa paggawa, paggamit o pagbebenta ng aming mga ideya at inobasyon. Samakatuwid, ang mga portfolio ng IP ng Kumpanya ay mga pangunahing intangible na asset na napakahalaga sa Kumpanya. Iginagalang din namin ang mga karapatan sa intelektwal na pagmamay-ari at kumpidensyal na impormasyon ng ibang kumpanya at hindi namin sasadyain o kusang-loob na lalabagin, gagamitin sa maling paraan o nang hindi nararap ang IP ng third party.



Paano Namin Nirerespeto ang Aming

Mga Resource



Paano Namin Nirerespeto ang Aming Mga Resource

Pagkakaroon ng Sustainable, Pangmatagalang Pananaw

Pinipili naming gumawa ng sustainable na kinabukasan sa pamamagitan ng paggalang sa mga resource, paglinang ng mga inobasyon na mas marami ang nagagawa nang epektibo at pagpapahalaga sa mga tao sa mga komunidad kung saan kami nagtatrabaho, na nagbibigay ng pang-ekonomiyang halaga sa bawat hakbang. Aktibo kaming nakikipag-ugnayan sa aming mga customer na umaasang sasamahan namin sila sa landas patungo sa sustainable na hinaharap.

Naniniwala kami na ang Simplot ay maaaring maging inspirasyong pinagmumulan ng edukasyon, inobasyon at pamumuno habang binibigyang-buhay namin ang mga resource ng mundo, nang sustainable. Dinadala namin ang sigla ng negosyo para makipagtulungan sa aming pinakamalalaking customer ng kumpanya upang matugunan ang mga pandaigdigang isyu. Halimbawa, kami ay mga cofounder ng Potato Sustainability Initiative, mga miyembro ng Roundtable for Sustainable Beef and Field to Market, mga kasosyo sa Marine Stewardship Council, mga aktibong pinuno sa 4R Nutrient Stewardship Program kasama ang The Fertilizer Institute, at mga kalahok sa ilang iba pang pagkukusa sa industriya upang hikayatin ang pre-competitive na pakikipagtulungan sa mga paksa ng sustainability para makagawa ng mas magandang mundo. Habang naghahanap kami ng mga hilaw na sangkap para sa aming mga produkto, nagsusumikap kaming magtrabaho sa mismong komunidad ang mga indibidwal na grower para mapaganda ang mga lokal na kasanayan at gawi.

Pagprotekta sa Ating Kapaligiran

Kami ay nakatuon sa proteksyon ng kapaligiran sa pamamagitan ng responsableng pamamahala ng mga likas na yaman. Sinusuportahan namin ang sustainable na agrikultura, pangngisda, pagmimina at pag-manufacture upang pangalagaan ang mga resource para sa mga susunod na henerasyon. Sa pagtitipid ng enerhiya, pag-reclaim at pag-recycle ng tubig, at pag-iingat sa kritikal na habitat, nagsusumikap kami sa buong negosyo upang maingat na pamahalaan ang mga resource ng mundo.

Kami ay nakatuon sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon na may kaugnayan sa proteksyon ng kapaligiran at nagsusumikap para sa patuloy na pagpapabuti. Patuloy kaming naghahanap ng mga bagong paraan upang mapabuti ang mga produkto, packaging at pag-manufacture upang mabawasan ang aming epekto sa kapaligiran. Nakatuon din kami sa pagbabawas ng basura, enerhiya at pagkonsumo ng tubig sa aming mga pagpapatakbo: paghahanap ng mga paraan upang bawasan, muling gamitin at i-recycle.


Inaasahan naming ang aming mga supplier ay may mga naaangkop na plano at programa sa kapaligiran na nakakatugon sa aming mga pamantayan.

Pangangalaga sa Kapakanan ng Hayop

Sa Simplot, tinitingnan namin ang kapakanan ng hayop bilang bahagi ng aming mga responsibilidad sa kumpanya at lipunan, na umaabot sa bawat aspeto ng aming negosyo at paghahanap. Nakatuon kami sa mabuting kalusugan ng hayop, wastong pamamahala at makataong pagturing. Tagapangalaga kami ng mga hayop na nasa aming pangangalaga. Mahalagang elemento ito ng responsableng paggawa ng pagkain, at sineseryoso namin ito.

Pagtataguyod ng Pangangasiwa ng Produkto

Nakatuon kami sa responsableng pamamahala ng aming mga produkto sa buong lifecycle ng mga ito. Itinataguyod namin ang pangangasiwa ng produkto sa pamamagitan ng pagsusuri kung ang mga produkto at teknolohiyang ito ay ligtas at may pananagutan sa kapaligiran. Ipinapaliwanag at itinataguyod din namin ang wasto at responsableng paggamit ng aming mga produkto at teknolohiya, alinsunod sa mga pamantayan at prinsipyo ng komunidad.



Paano Namin Ipinapakita Ang Aming Pagmamahal sa Mga Tao



Paano Namin Ipinapakita Ang Aming Pagmamahal sa Mga Tao

Paggawa ng Ligtas at Magandang Lugar ng Trabaho

Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho

Kami ay nakatuon sa pagbibigay at pagpapanatili ng ligtas at magandang kapaligiran sa trabaho at determinado kaming magkaroon ng lugar ng trabaho na walang pinsala. Nakatuon kami sa kapakanan at kaligtasan ng aming mga tao dahil alam namin na ang aming mga tao ay ang aming pinakamalaking asset. Mayroon kaming kumprehensibo at umuunlad na balangkas ng kaligtasan upang makamit ang patuloy na pagpapabuti kaugnay ng kaligtasan at seguridad sa lahat ng aming mga lugar ng trabaho.

Kinikilala naming ang pangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng aming mga empleyado ay nakasalalay hindi lang sa mahusay na teknikal na mga pasilidad at kagamitan, ngunit sa paggawa rin ng kulturang nakatuon sa kaligtasan. Naniniwala kaming ang kalusugan at kaligtasan ay mga pangunahing responsibilidad ng bawat empleyado at inaasahan naming ang lahat ng empleyado ay aktibong nagmamalasakit sa kanilang sariling kaligtasan at kaligtasan ng iba. Ang aming mga empleyado ay dapat palaging may kamalayan sa kanilang kapaligiran at maunawaan ang mga partikular na panuntunan at pamamaraan na naaangkop sa kanilang mga pagpapatakbo. Itinuturing naming labis na kahit isang pinsala lang, dahil sa huli, gusto naming umuwi ang lahat sa kanilang mga pamilya nang walang pinsala sa pagtatapos ng araw.

Kung nahaharap ang isang empleyado sa sitwasyong mukhang hindi ligtas, o naniniwala na siyang may itinalaga sa kanyang gawain na hindi siya kwalipikado, sinanay o hindi niya makukumpleto nang ligtas, dapat gawin ng empleyado na ihinto ang trabaho at magsalita. Dapat abisuhan kaagad ang isang supervisor o miyembro ng Environmental Health Safety and Security team. Para sa higit pang impormasyon, pakisuri ang aming patakaran ng Environmental Health and Safety.

Droga at Alak

Nakatuon kami sa pagprotekta sa kaligtasan, kalusugan at kapakanan ng lahat ng empleyado. Samakatuwid, mahalagang malinaw at walang bahid ng droga o alak ang pagpapasya ng empleyado. Walang sinumang empleyado ng Simplot ang dapat magtrabaho habang nasa ilalim ng impluwensya ng alak o hindi naaangkop na mga gamot dahil gumagawa ito ng hindi ligtas na kapaligiran sa trabaho para sa lahat.

Puwedeng maghain ng alak sa panahon ng mga awtorisadong event ng Kumpanya. Kahit sa mga sitwasyong ito, ang lahat ng empleyado ay inaasahang magsagawa ng pagtitimpi at mabuting pagpapasya.

Karahasan sa Lugar ng Trabaho

Ang isang ligtas at ligtas na lugar ng trabaho ay kritikal at hindi namin kukunsintihin ang mga pagkilos at banta ng karahasan sa lugar ng trabaho dahil negatibong nakakaapekto ang mga ito sa seguridad, kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho. Ipinagbabawal namin ang anumang marahas o pisikal na agresibong pagkilos, kahit na nilayon ito bilang biro lang.

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nakatanggap ng banta ng karahasan o naging biktima ng marahas na pagkilos, may tungkulin kang iulat kaagad ang sitwasyon. Kung ikaw, ang iyong mga katrabaho o sinupamang indibidwal na nakikipagtrabaho sa J.R. Simplot Company ay nasa agarang panganib, makipag-ugnayan sa mga lokal na awtoridad at pagkatapos ay sa Global Security. Panghuli, mag-follow up sa iyong manager o isa pang resource na nakalista sa Kodigo na ito.

Pagtiyak sa Patas na Pagturing

Nakatuon kami sa patas na pagturing sa lahat ng empleyado. Ang bawat empleyado ng Simplot ay may karapatang ituring nang patas at may respeto, dignidad at paggalang. Ginagawa namin ang lahat ng desisyon sa trabaho, kabilang ang pagpili at pagpapanatili, batay sa kakayahan ng tao na gampanan ang kanyang trabaho at mag-ambag sa negosyo.

Nakatuon ang Simplot sa pagbibigay ng kapaligirang walang diskriminasyon at panliligalig. Lahat ng empleyado ng Simplot ay may karapatang pumunta sa lugar ng trabaho na walang diskriminasyon, panliligalig, pagbabanta, pananakot at karahasan anuman ang kalikasan o batayan nito.

Ipinagbabawal ng Simplot ang anumang uri ng panliligalig, batay man sa lahi, kulay, etniko o bansang pinagmulan, edad, kasarian, tunay o pinaghihinalang sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, relihiyon o pinaghihinalang relihiyon, kapansanan, o iba pang personal na katangian ng isang tao. Kung magkaroon ng naturang mga isyu, dapat magsalita ang mga empleyado nang walang takot ng paghihiganti.

Maaasahan ng mga empleyado na ang anumang diskriminasyon, panliligalig, pagbabanta, pananakot o karahasan ay papatawan ng aksyong pandisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagkasisante, o maging sibil o kriminal na pananagutan.

Mga Patas na Pamantayan sa Pagtatrabaho

Sa Simplot, sinusuportahan namin ang mga pangunahing karapatang pantao para sa lahat ng tao at nagsusumikap kaming igalang at itaguyod ang mga karapatang pantao sa pamamagitan ng pagsasagawa ng aming mga aktibidad alinsunod sa mga prinsipyong itinakda sa United Nations Universal Declaration of Human Rights. Ipinagbabawal namin ang paggamit ng lahat ng uri ng sapilitang paggawa, kabilang ang pagkakaroon ng alipin, sapilitan, bonded, indenture o hindi boluntaryong paggawa sa bilangguan at anumang anyo ng human trafficking o pagsasamantala, kabilang ang pag-angkat ng mga kalakal na may bahid ng pang-aalipin o human trafficking. Ipinagbabawal namin ang pagtatrabaho ng mga menor de edad na bata o sapilitang manggagawa at ipinagbabawal din namin ang pisikal na parusa o pang-aabuso. Sa aming mga kasanayan sa pagtatrabaho, iginagalang namin ang karapatan ng mga empleyado na makisama o hindi makisama sa anumang grupo, ayon sa pinapahintulutan ng at alinsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon. Sumusunod kami sa mga batas sa pagtatrabaho sa bawat market kung saan kami nagpapatakbo.

Paggalang sa Ating Mga Pagkakaiba

Tinatanggap at ipinagdidiwang ng Simplot ang pagkakaiba, at pinapahalagahan ang pagkakaiba-iba. Kami ay nakatuon sa pantay na pagkakataon para sa lahat, kabilang ang mga empleyado at mga aplikante. Naniniwala kami na ang aming mga empleyado sa buong mundo ay karapat-dapat na tratuhin nang may katarungan, paggalang at dignidad. Iginagalang namin ang mga natatanging katangian at pananaw ng bawat empleyado dahil bilang isang pandaigdigang kumpanya naniniwala kami na ang paggamit ng magkakaibang ideya, karanasan at background ay bumubuo ng makabago at dinamikong kultura, nakakatulong sa aming mga relasyon at nagsisiguro ng tagumpay.

Pangangalaga sa Mga Customer at Consumer

Ipinagmamalaki namin ang aming mga produkto, at ang aming mga brand ay nag-aalok ng halaga at kalidad sa mga customer at consumer. Kami ay nakatuon sa kalusugan at kapakanan ng aming mga consumer, at nag-aalok kami ng malawak na hanay ng mga pagpipilian ng produkto upang matugunan ang kanilang magkakaibang mga pangangailangan at kagustuhan. Nagbibigay kami ng impormasyon sa nutrisyon na nakabatay sa katotohanan upang bigyang-daan ang aming mga customer na gumawa

ng matatalinong pagpapsya sa pagkain para sa kanilang sarili at kanilang mga pamilya. Sineseryoso namin ang hamon na isulong at pahasayin ang kalusugan ng mga mamimili sa pamamagitan ng mga produktong pagkain na aming inaalok. Para sa mga produkto tulad ng mga sustansya ng pananim, hanggang sa mga pagpapabuti sa kalusugan ng hayop, at mga buto at supply, ang aming misyon ay mag-alok ng ligtas, epektibo, at progresibong mga produkto na tumutulong sa pagpapakain sa mundo, ngayon at sa hinaharap.

Kaligtasan ng Pagkain

Napakahalagang ligtas para sa mga customer namin ang pagkain. Hindi lang bahagi ng aming responsibilidad ang kaligtasan sa pagkain bilang isang mabuting mamamayan ng kumpanya, mahalaga rin ito sa patuloy na paglago at kakayahang kumita ng aming negosyo. Gumagawa kami ng mahihigpit na hakbang upang matiyak na ang aming mga pamantayan sa kaligtasan at kalidad ay nakakatugon o lumalampas sa naaangkop na mga kinakailangan ng pamahalaan at kami ay sumusuporta sa karagdagang hakbang upang makatulong na protektahan ang mga consumer at matiyak ang kaligtasan ng aming mga supply ng pagkain. Nakikipagtulungan rin kami sa mga supplier upang matiyak na sinusubaybayan, sinusubukan at pinapamahalaan ang mga sangkap. Panghuli, responsibilidad ng bawat empleyado ng Simplot na sumunod sa lahat ng naaangkop na patakaran at pamamaraan sa kaligtasan at hygiene.

Kaligtasan ng Produkto

Itinataguyod ng Simplot ang pinakamataas na pamantayan sa kaligtasan ng produkto. Inaasahan ng mga consumer na ligtas ang mga produktong binibili nila at alam namin na ang kaligtasan ng produkto ay kritikal din sa aming reputasyon. Upang magkaroon ng tiwala sa aming mga produkto, natutugunan o nahihigitan namin ang mga legal na kinakailangan na nalalapat sa kaligtasan ng aming mga produkto. Ang sinumang empleyado na kabilang sa pamamahala o paghawak ng mga hilaw na materyales, proseso ng produksyon o tapos na produkto ay dapat sumunod sa patakaran ng Kumpanya at mga pamamaraan sa kaligtasan ng produkto upang maiwasan ang kontaminasyon, pagkasira o hindi naaangkop na pagbabago ng mga materyales.

Pag-aambag sa Aming Mga Komunidad


Nakatuon ang Simplot na suportahan ang mga komunidad kung nasaan kami, nakikipag-ugnayan sa mga programa ng komunidad na gumagawa ng tunay at pangmatagalang pagbabago sa mga indibidwal, komunidad at kapaligiran.

Bagama't may iba't ibang anyo ang aming mga inisyatiba, iisa ang mga ito: namumuhunan kami sa potensyal na nakikita namin sa paligid namin. Ibig sabihin, nagsusumikap kaming pagyamanin ang lipunan sa kabuuan sa pamamagitan ng suporta ng sining, negosyo, edukasyon sa komunidad at kabataan. Habang nagsasagawa kami ng mga pamumuhunan sa pananalapi sa mga komunidad na ito, hinahangad din naming gumawa ng mga pamumuhunan na nagpapahusay sa kalidad ng buhay para sa mga mamamayan.

Kabilang rin sa aming mga inisyatibo ang pagbibigay ng lakas ng loob sa mga empleyado na magkaroon ng mas malusog na pamumuhay.



Paano Namin Ipinapakita Ang Aming
**Kasaysayan ng
Integridad**



Paano Namin Ipinapakita Ang Aming Kasaysayan ng Integridad

Gumagawa at Nagpapanatili Kami ng Mga Tumpak na Record

Ang tumpak na recordkeeping at pag-uulat ay mahalaga sa reputasyon at kredibilidad ng Simplot. Dapat tiyakin ng lahat ng empleyado na ang impormasyon ng negosyo na kanilang naitala ay tapat, tumpak at napapanahon. Ang lahat ng mga rerord sa pananalapi ay dapat na tumpak na sumasalamin sa mga transaksyon ng ating Kumpanya at umaayon sa mga karaniwang napagkasunduang pamantayan sa accounting at mga patakaran sa pananalapi. Ipinagbabawal namin ang paggamit ng mga hindi isiniwalat na pondo at transaksyon. Lahat ng mga record at dokumento ng negosyo ay dapat na makatotohanan, tumpak at kumpleto, at mapanatili alinsunod sa patakaran at mga pamamaraan sa pagpapanatili ng dokumento ng Simplot.

Patas Kaming Nakikipagkumpitensya at Sumusunod sa Mga International na Batas sa Kalakalan

Bilang isang Kumpanya mayroon kaming responsibilidad na sumunod sa mga batas at regulasyon sa kalakalan ng mga bansa kung saan kami nagnenegosyo. Makikipagkumpitensya kaminang patas sa lahat ng market kung saan kami nagpatakbo alinsunod sa mga naaangkop na batas sa antitrust at kumpetisyon. Nakatuon kami sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na international na batas sa kalakalan, kabilang ang mga regulasyon sa pagkontrol sa pag-import at pag-export, pagsunod sa mga parusa at mga batas laban sa boycott.

Nakatuon Kami sa Makatotohanang Pag-advertise at Mga Pamantayan ng Marketing

Naniniwala kami na ang responsableng pag-advertise at marketing ay nakakatulung sa amin na ipaalam sa mga customer at consumer ang tungkol sa mga benepisyo ng aming mga produkto at inobasyon. Ang aming mga produkto ay ina-advertise at ibinebenta sa patas na paraan, batay sa mga katotohanan. Dapat sumunod ang mga empleyado sa aming mga patakaran na may kaugnayan sa pag-apruba ng pag-label, pag-advertise, packaging, pagpapabalik at mga nauugnay na pamamaraan.

Iniiwasan Namin ang Salungatan ng Interes

Hindi kami nakikibahagi sa mga aktibidad na gumagawa, o mukhang gumagawa, ng salungatan sa pagitan ng aming mga personal na interes at mga interes ng Simplot. Hindi kami tumatanggap ng mga kagandahang-loob sa negosyo (tulad ng mga regalo, pabor o libangan) na may halagang mas mataas kaysa sa makatwirang masusuklian namin, o nag-oobliga o mukhang nag-oobliga sa amin na kumilos sa paraang salungat sa aming Kodigo o batas. Dapat iwasan ng lahat ng empleyado ang mga personal na aktibidad at interes na maaaring sumalungat sa mga responsibilidad na mayroon sila sa Simplot. Ang mga empleyado ay hindi dapat humingi ng anumang pinansiyal na pakinabang para sa kanilang sarili o maling gamitin ang posisyon na mayroon sila.

Iginagalang namin ang mga karapatan ng aming mga empleyado na makisali sa mga gawaing pampulitika na kanilang pinili. Dapat linawin ng empleyado na ang mga gawaing pampulitika o pansibiko kung saan sila ay nasasangkot ay ang kanilang mga pananaw at aksyon at hindi sa Kumpanya.

Hindi Namin Gustong Gumawa ng Mga Hindi Wastong Pagbabayad

Nakatuon ang Simplot sa pagpapanatili ng matataas na pamantayang etikal kapag nakikitungo sa mga pampublikong opisyal, ibang kumpanya at pribadong mamamayan. Ipinagbabawal ng Simplot ang lahat

ng uri ng panunuhol at masamang gawi. Hindi dapat hangarin ng mga empleyado na impluwensyahan ang iba, direkta o hindi direkta, sa pamamagitan ng pangako o pagbabayad ng mga suhol o kickback o pagsali sa anupamang hakbang na hindi etikal o makakasira sa aming reputasyon para sa integridad. Ang mga empleyado ay hindi dapat tumanggap o mag-alok ng anumang regalo o bayad na suhol, o maaaring ituring bilang ganito.

Pinoprotektahan Namin ang Mga Asset ng Kumpanya at Gumagamit Kami ng Teknolohiya ng Electronic Communications nang Responsable at Propesyonal

Ang mga asset ng Simplot ay mahalaga sa pagiging mapagkumpitensya at tagumpay ng aming negosyo. Ang aming mga asset ay ibinibigay sa aming mga empleyado para sa epektibong pagsasagawa ng negosyo ng kumpanya. Dapat protektahan ng lahat ng empleyado ang mga asset na ito na kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, pera, pisikal na kagamitan sa aming mga pasilidad sa pagpoproseso at pag-manufacture, mga computer, mobile phone at personal na kagamitan sa trabaho. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagnanakaw, pandaraya o maling paggamit ng asset ng Kumpanya ng isang empleyado. Dapat lang gamitin ang teknolohiya ng Kumpanya para sa mga lehitimong aktibidad ng negosyo ng mga awtorisadong indibidwal. Ang pag-access sa, at paggamit ng, teknolohiya ng Kumpanya ay dapat na responsable, propesyonal at sumusunod sa Kodigo at mga patakaran ng Kumpanya.

Pinoprotektahan Namin ang Kumpidensyal na Impormasyon at Data

Ang impormasyon at data ng kumpanya ay mahalaga sa Simplot. Dapat protektahan ng lahat ng empleyado ang impormasyon ng Kumpanya na hindi nilayon na ibunyag sa publiko. Hindi dapat ibunyag ng mga empleyado ang kumpidensyal na impormasyon ng Kumpanya, tulad ng mga aktibidad sa pagsasaliksik at pagpapaunlad, mga ulat sa pagbebenta at kita, mga plano sa marketing, proseso ng pag-manufacture, potensyal na acquisition o pamumuhunan at/o mga presyong binayaran para sa supply at iba pang trade secret. Dapat igalang ng lahat ng empleyado ang pagiging kumpidensyal at pagkapribado ng personal na impormasyon ng iba.

Iginagalang Namin ang Privacy at Data ng Empleyado

Kinikilala at iginagalang namin ang personal na impormasyon sa privacy ng mga empleyado, customer, supplier at iba pa kung kanino kami nakikipag-ugnayan. Kinokolekta at pinoproseso namin ang personal na impormasyon para sa mga layunin ng negosyo at ginagawa namin ito nang ayon sa batas at malinaw. Gumagawa kami ng mga makatwirang hakbang upang mapangalagaan ang seguridad ng aming mga record na naglalaman ng personal na impormasyon, at matiyak na ang mga record na ito ay maayos na pinananatili.

Nakikipag-ugnayan Kami sa Mga Naaangkop na Supplier at Kasosyo sa Negosyo

Naniniwala kami sa pakikipagnegosyo lang sa mga supplier, contractor at customer na sumusunod sa matataas na pamantayan ng etikal na pag-uugali sa negosyo. Inaasahan namin na ang aming mga supplier at kasosyo sa negosyo ay susunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon at sumunod sa mga prinsipyo ng aming Kodigo. Hindi kami sadyang gagamit ng mga supplier na lumalabag sa mga batas na may kaugnayan sa trabaho, kapaligiran o kaligtasan. Hindi kami makikipagnegosyo sa sinumang supplier na nagpapatrabaho sa mga bata, bilanggo o sapilitang paggawa, o nakikibahagi sa anupamang hindi etikal na gawain sa pagtatrabaho. Pagkatapos isaalang-alang ang mga nakikipagkumpitensyang bid, bibili kami ng mga produkto o serbisyo batay sa halaga, kalidad, pagsunod sa aming mga pamantayan, at kakayahan ng supplier na matugunan ang aming mga kinakailangan. Ang mga relasyong personal o pamilya ay hindi dapat makaimpluwensya sa desisyon ng empleyado na ibigay ang isang kontrata sa isang supplier.



Integridad sa Aming Mga Pagkilos Paggamit ng Kodigo



Integridad sa Aming Mga Pagkilos—

Paggamit ng Kodigo

Sa Simplot, hindi puwedeng balewalain ang integridad. Mayroon kaming hindi natitinag na pangako sa katapatan, kalidad at paggalang sa isa't isa. Magiging tapat kami sa aming salita at tutuparin namin ang aming ipinangako.

Ipinagbabawal ng Simplot ang lahat ng uri ng mapanlokong aktibidad. Kasama sa panloloko ang, ngunit hindi limitado sa, hindi tapat o mapanlinlang na mga pagkilos; paglustay; pamemeke o pagbabago ng mga napag-uusapang instrument o dokumento; maling paggamit ng mga asset ng Kumpanya, empleyado, customer, kasosyo, o supplier; personal na paggamit ng anumang asset ng Kumpanya; at pamemeke ng mga record ng Kumpanya o mga pinansyal na statement.

Ang lahat ng empleyado ay kinakailangang sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at sa Kodigo saanman kami nagnenegosyo, ngunit kung ang batas ay sumasalungat sa Kodigo, susundin natin ang batas. Puwede ring malapat ang mga patakaran ng kumpanya at unit ng negosyo at idagdag sa Kodigo. Responsibilidad ng bawat empleyado na maunawaan ang mga naaangkop na batas kung saan kami nagpapatakbo at basahin at unawain ang Kodigo.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa pagiging angkop ng anumang batas, dapat kang makipag-ugnayan sa Legal Department. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa kung paano ilalapat ang Kodigo, gamitin ang mga resource na nasa Seksyon ng Kodigo na [Paghingi ng Tulong at Paghahain ng Alalahanin](#).

Mandatoryong Pag-uulat ng Malubhang Paglabag sa Kodigo

Ang mga empleyadong nahaharap sa isang sitwasyon na kinasasangkutan ng hindi ligtas na mga kundisyon sa pagtatrabaho, pagnanakaw, paglustay, maling paggamit, maling pag-uugali sa kapaligiran, panunuhol, katiwalian, labag sa batas na panliligalig, labag sa batas na diskriminasyon, o anupamang ilegal na aktibidad o malubhang paglabag sa Kodigo ay may tungkulin na magsalita at agad na iulat ang naturang maling pag-uugali. Dapat gawin ang mga ulat ng empleyado alinsunod sa gabay na nasa Kodigo na ito.

Proteksyon laban sa Paghihiganti

Ang Simplot ay hindi gagawa ng anumang pagkilos laban sa isang empleyado dahil sa paghahain ng etikal o legal na isyu nang may mabuting layunin. Hindi namin kinukunsinti ang anumang paghihiganti ng sinumang indibidwal laban sa isang empleyado dahil sa paghahain ng alalahanin o paggawa ng ulat nang may mabuting layunin.

Sisiyasatin namin ang lahat ng mga alalahanin na ihinain ayon sa hinihingi ng mga impormasyon at sitwasyon. Ang pagsisiyasat ay papanatiliing kumpidensyal sa paraang ang mga naturang panig lang na partikular na dapat makaalam ang masasangkot. Ang lahat ng ulat ng maling pag-uugali ay dapat gawin nang may mabuting layunin. Tulad ng anupamang maling pag-uugali, ang sadyang paghahain ng mali o mapanlinlang na mga ulat ay magresulta sa pandisiplinang pagkilos, hanggang sa at kabilang ang pagkatanggag satrabaho.

Pangangasiwa sa Kodigo at Mga Remedial na Pagkilos

Ang pagsunod sa Kodigo ng Asal na ito ay mahalagang elemento ng tagumpay ng aming negosyo. Ang Global Ethics and Compliance Officer ang mangangasiwa sa pagpapatupad ng Kodigo ng Asal at paglutas ng mga isyu sa etika at pagsunod na ihinain ng mga empleyado sa pakikipagtulungan sa Legal, HR, Global Services at mga apektadong unit ng negosyo.

Paghingi ng Tulong at Paghahain ng Mga Alalahanin

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Kodigo, dapat kang makipag-usap sa iyong management team o sa isa sa mga resource na nakalista sa ibaba. Kung ikaw ay nahaharap sa sitwasyon o isyu na, o maaaring, paglabag sa Kodigo, dapat kang gumawa ng mga naaangkop na hakbang upang matugunan ito.

May gabay at suporta mula sa ilang iba't ibang mapagkukunan:

- Iyong Management Team. Maaari mong ipaalam ang iyong mga tanong o alalahanin sa Manager mo, o kung hindi ka naniniwala na ang iyong manager ay gumawa ng naaangkop na pagkilos, maaari ka ring pumunta sa ibang miyembro ng management team.
- Human Resources. Maaari kang makipag-usap nang direkta at tapat sa iyong HR manager kung hindi malinaw sa iyo ang pinakamahusay na paraan ng pagkilos sa anumang partikular na sitwasyon.
- Legal Department. Maaari kang humingi ng patnubay at payo mula sa sinumang miyembro ng Legal Department., o sa aming General Counsel.
- Simplot Employee Hotline. Puwede kang mag-ulat ng paglabag sa mga pamantayang nakasaad sa Kodigo, o anupamang seryosong alalahanin nang anonymous, sa pamamagitan ng [Hotline sa Pag-uulat ng Empleyado](#), available sa pamamagitan ng internet sa employeereportinghotline.simplot.com.

Pagtugon sa Aming Pangako sa Kodigo

Bagama't maraming salik na nag-aambag sa tagumpay ng Simplot, ang pundasyon ay ang mahusay na pamumuno ng J.R. Simplot at ang pagpapahalaga nito sa kapakanan at propesyonal na kasiyahan ng mga empleyado. Ang pagtatagpo ng pamumuno at propesyonal na kasiyahan ay paggalang: kapag sinusunod natin ang ating Mga Pangunahing Pinapahalagahan, at iginagalang ang isa't isa at ang mga resource ng mundo, natural na nagkakaroon ng etikal na diskarte.

Habang ipinangako namin na panatilihin may pananagutan ang isa't isa sa pamamagitan ng magalang na pag-uusap at pagkilos, itataguyod namin ang mga pinapahalagahan at etika ng One Simplot. Bilang bahagi ng pagtiyak na ang Kodigo at ang pangakong ito ay nauunawaan at sinusunod sa buong mundo, ang Kumpanya ay magpapatuloy ng mga aktibidad upang matiyak na ang Kodigo ay sinusuri, nauunawaan at sinasang-ayunan ng lahat ng naaangkop na empleyado at/o third-party.

